Oral Analgesics

- Paunang Salita
- Mga Uri ng Oral na Analgesics
- Karaniwang Epekto at Pag-iingat sa Paggamit ng Analgesics
- Pangkalahatang Paalala sa Paggamit ng Analgesics
- Pakikipag-ugnayan sa Iyong Doktor
- Tamang Pag-iimbak ng Analgesics

Paunang Salita

Ang mga Analgesic, na kilala rin bilang mga painkiller, ay karaniwang iniinom upang mapawi ang sakit sa katawan tulad ng sakit sa ulo, sakit tuwing regla, sakit sa ngipin, sakit sa likod at arthritis.

Karaniwang inuuri ang pananakit bilang acute o chronic. Tinatawag na Chronic ang pananakit kung ito ay tumatagal ng higit pa sa tatlong buwan at maaari pa itong magtagal pa pagkatapos na gumaling ang orihinal na pinsala o mawala na ang mga pangunahing dahilan nito. Ang pananakit sa likod at arthritis ay ilan sa mga halimbawa ng chronic pain. Maaaring maapektuhan ng chronic pain ang pang-araw araw na pamumuhay tulad ng antas ng aktibidad, emosyon, pagtulog, gana sa pagkain, alaala at pati na ang relasyon sa pamilya at mga kaibigan. Dahil dito, maaaring makatulong ang maagang pagpawi ng sakit.

Ang ibang mga analgesic ay gumagana sa peripheral at central nervous system ng katawan upang mapigilan o mabawasan ang pagiging sensitibo nito sa sakit. Ang iba ay gumagana sa pamamagitan ng pagpigil na mabuo ang ibang mga kemikal sa katawan na nagdudulot ng sakit. Maaari itong makuha sa iba't ibang iniinom na paraan tulad ng tableta, kapsula, syrup, suspension at mga pulbos o powder.

Mga Uri ng Oral na Analgesics

Sa pangkalahatan ay mayroong dalawang uri ng iniinom na analgesics: ang Hindi Opioid at ang opioid na analgesics.

Hindi Opioid na Analgesics

Kabilang sa mga hindi opioid na analgesic ang paracetamol at hindi steroid na anti-inflammatory na gamot (NSAIDs). Ang Paracetamol ay isang gamot na

maaaring bilhin ng walang reseta, habang ang karamihan sa mga NSAID ay mga gamot na kailangan ng reseta at kailangang gamitin sa ilalim ng tagubilin at rekomendasyon ng doktor. Ang mga hindi opioid analgesics ay ang unang opsyon na analgesic para sa paggamot ng mga bahagya hanggang katamtamang sakit at ginagamit rin ito sa mga katamtaman hanggang labis na pananakit upang mabawasan ang epekto ng opioids. Hindi ito nagdudulot ng pagiging depende o ng tolerance sa mga gamot na ito.

Pinapawi lamagn ng Paracetamol ang sakit at hindi tulad ng NSAID, wala itong ano mang anti-inflammatory na epekto. Gumagana ito sa pamamagitan ng paghadlang ng produksyon ng mga kemikal na kung tawagin ay prostaglandins, na nagdudulot sa katawan na mabawasan ang pakiramdam sa sakit o pinsala. May mas konting side effect ang Paracetamol at hindi nakakasama sa tiyan. Subalit, ang sobrang dosis nito ay maaaring makapinsala ng atay.

Ang NSAID ay maaari pang uriin bilang: non-selective NSAID at COX-2 inhibitors. Ang mga Non-selective NSAID, tulad ng ibuprofen, mefenamic acid, at diclofenac, ay mayroong epekto sa gastrointestinal (GI) tract. Dahil dito, karaniwang ibinibigay rin ang concomitant na gamot upang maprotektahan ang tiyan. Ang panganib na magkaron ng malalang epekto sa GI ay maaaring mas mababa sa mga COX-2 inhibitors, ngunit maaari itong magkaron ng seryosong epekto s acardiovascular kung kaya't limitado ang paggamit nito sa mga klinika. Ang halimbawa ng COX-2 inhibitors ay ang celecoxib at etoricoxib. Maaari mong pindutin ang iba pang lathala "Impormasyon sa iniinom na NSAID" para mga detalye.

Opioid analgesics

Ang Opioid na analgesic ay gumagana s aperipheral at central nervous system ng katawan upang mapigilan o mabawasan ang sakit. Karamihan sa mga opioid na analgesic ay mga gamot na kailangan ng reseta at naangkop para sa mga katamtaman hanggang malalang sakit, lalo na sa mga visceral na pinanggalingan nito. Maaari rin itong uriin pa sa dalawang kategorya: ang banayad at malakas na opioid. Kabilang sa mga banayad na opioid analgesics ang codeine at tramadol. Ang malakas na analgesics tulad ng morphine at methadone ay madalas na ginagamit upang magbigay lunas sa pananakit dulot ng kanser. Ang paulit ulit na paggamit ng opioid analgesics ay maaaring magdulot ng pagkadepende dito, kung kaya't tuwing hinihinto mo ang paggamit dito ay maaari hind imaging Maganda ang iyong pakiramdam dahil sa withdrawal mula sa gamot.

Karaniwang Epekto at Pag-iingat sa Paggamit ng Analgesics

Uri ng Analgesic	Karaniwang Epekto	Pag-iingat
1. Paracetamol	• Pinasala sa atay at bihirang pinasala sa bato kapag nasobrahan sa dosis	• Hindi dapat inumin ng higit pa sa 4g araw araw • Gamitin nang may pag-iingat sa mga pasyenteng may problema sa bato o atay, labis nap ag-inom ng alak, chronic na malnutrisyon o pagkakulang sa tubig • Ang mga Pasyenteng hindi sapat ang bigat o malnourished ay kailangang kumonsulta muna sa doktor bago uminom ng mga gamot na mayroong paracetamol
2. NSAIDs	• Problema sa GI tulad ng pagkaduwal, pagsusuka, pagtatae, hirap sa pagdumi at kawalang gana sa pagkain • Pananatili ng fluid sa katawan, na nagdudulot ng edema • Stomach ulcers • Pagdurugo ng GI • Hypersensitivity na reaksyon tulad ng pagpapantal o pagsikip ng daaanan ng hangin • Hindi paggana ng bato	• Iniinom kasama ng pagkain o gatas • Agad itigil ang paginom at kumonsulta sa doktor kung mayoon kang abnormal o itim na dumi • Iwasan ang paninigarilyo at labis nap ag-inom ng alak dahil ang mga aktibidad na ito ay maaaring makapagpataas ng antas ng panganib na magdulot ng ulcer sa tyan Maaari mong pindutin ang iba pang lathala You may click into another article "Impormasyon sa Iniinom na NSAID" para sa mga detalye.
3. Opioids	• Pagduduwal at pagsusuka	• Ang pagkasana sa mga epekto tulad ng pagkaduwal,

	• Hirap sa pagdumi • Pagkahilo at pagkalito • Hirap sa micrurition • Biliary spasm • Panunuyo ng bibig • Paninigas ng kalamnan • Respiratory depression • Palpitation • Maaaring magdulot ng pagiging depende sa gamit ang pangmatagalang paggamit,	pagsusuka, pagkaantok at pagkalito ay nabubuo dahil sa pangmatagalang paggamit • Ang pag-inom ng maraming tubig, itaas ang pagkain ng fiber at magsagawa ng regular na pag-ehersisyo ay nakakatulong makapawi ng epekto at hirap sa pagdumi • Huwang magmaneho o magpatakbo ng makinarya, dahil ang uri ng gamot na ito ay maaaring makapagpaantok • Kailangang gamitin ng may pag-iingat sa mga nakatatanda, at sa mga pasyenteng may hypothyroidism, hindi gumaganang respiratory function, hika, pinsala sa bato o baga, prostatic hypertrophy, hypotension obstructive o inflammatory na problema sa pagdumi, o myasthenia gravis • Hindi dapat gamitin sa mga pasyenteng may malalang respiratory depression, obstructive airways disease, o may panganib na magkaron ng paralytic ileus • Iwasan ang biglaang pagpigil pagkatapos ng pangmatagalang paggamot

Pangkalahatang Paalala sa Paggamit ng Analgesics

- Inumin ang gamot ayon sa nakalathalang gabay sa dosis o ayon sa ituturo ng iyong doktor o parmasyutiko. Huwag uminom ng labis sa nirekomendang dosis dahil maaari itong makapagpalala ng epekto ng gamot.

- Ang mga painkiller ay hindi dapat ibahagi sa iba, dahil may iba't ibang sakit na nararanasan ang mga tao na may iba't ibang sanhi at lala.
- Iwasan ang pag-inom ng alak kung ikaw ay umiinom ng analgesics dahil maaari nitong makapagpalala ng epekto ng gamot.
- Panatilihin ang malusog na bigat dahil ang karagsagang bigat ay nagdudulot ng bigat at limitasyon sa kalamnan sa likod at mga kasu-kasuan, na nakakapagpalala ng sakit sa likod at tuhod.
- Panatilihin ang pagsasagawa ng banayad na ehersisyo, tulad ng paglalakad at paglangoy upang maiwasan ang kawalang aktibidad na nagdudulot ng paulit ulit na lumalalang sakit at pagkawala ng pakiramdam.
- Huminga ng marahan at malalim kung ikaw ay nakararamdam ng sakit dahil nakakatulong itong makapagparelax at maiwasan ang tensyon sa kalamnan o pagkabalisa mula sa lumalalang sakit.

Pakikipag-ugnayan sa Iyong Doktor

- Ipaliwanag sa abot ng iyong makakaya ang pinagmulan at lubha ng sakit sa iyong doktor, dahil ang sakit ay parating personal at mahirap suriin at pagalingin.
- Makipag-ugnayan sa iyong doktor para sa pinakamaayos na opsyon sa paggamot. Ang iyong doktor ay magbibigay ng reseta para sa pinaka naaangkop na gamot para say o pagkatapos suriin ang iyong kondisyon at pagtugon sa gamot.
- Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam habang o pagkatapos ng pagbiyahe sa labas ng Hong Kong, o pagkatapos makagat ng lamok, kailangan mong sumangguni agad ng medikal na payo at ibigay ang detalye ng iyong paglalakbay sa doktor para sa klinikal na diagnosis at magsaayon ng naaangkop na pagsusuri ayon sa iyong kondisyon. Ipinapaalala sayon a HUWAG maggamot sa sarili, lalo na kung may aspirin o non-steroidal anti-inflammatory na gamot (tulad ng ibuprofen), dahil ang mga gamot na ito ay maaaring magdulot ng epekto, halimbawa, magdulot ng kaemorrhage.
- Ipaalam sa iyong doktor ang mga gamot na iniinom mo at ang iyong kasaysayang medikal, dahil an ibang mga gamot ay maaaring makaapekto sa mga analgesics at ang ibang mga sakit ay kakailanganin ng mga piling alituntunin sa kaligtasan.
- Ipaalam sa iyong doktor na ikaw ay nagdadalang tao o nagpapasuso dahil ang ibang mga iniinom na analgesics ay hindi maaaring inumin ng mga kababaihan sa yugtong ito.
- Sumangguni agad ng medikal na payo kung nakararanas ka ng ano mang

sintomas o epekto na sinusupetya mong may kinalaman sa analgesics. Maaaring aralin ng iyong doctor ang uri at dosis ng medikasyon.

- Magkaroon ng regular na medical follow-up ayon sa payo ng iyong doktor kung kailangan mong gumamit ng analgesics sa pangmatagalang paraan.
- Maaari kang maresetahan ng higit sa isang iniinom na analgesics para sa paggamot ng sakit, kung kaya't siguraduhin na malinaw sa iyo ang pakay at gamit ng bawat gamot at kumonsulta sa iyong doktor kung mayroon mang may pag-aalinlangan.
- Humingi ng medikal na payo kung ang iyong sintomas ay lumala o mayroon kang mga inaalala sa gamot na iniinom mo.
- Ipaalam sa iyong doctor kung ang mga analgesics ay hindi gumagana o naroon pa rin ang sakit. Maaari itong dulot ng iba pang sakit.

Tamang Pag-iimbak ng Analgesics

Ang analgesics ay kailangang itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban na lamang kung nakasaan sa label, hindi dapat itago ang mga gamot sa mga refrigerator. Bukod pa rito, ang mga gamot ay kailangang itago sa mga lugar na hindi maaabot ng mga Kabataan upang maiwasan ang aksidenteng pag-inom ito.

Pagkilala: Nais Pasalamatan ng Tanggapan ng Gamot ang "Professional Development and Quality Assurance (PD&QA)" para sa kanilangan importanteng kontribusyon sa paghahanda ng lathalang ito.

Tanggapan ng Gamot
Departamento ng Kalusugan
Agosto 2025